

SAINT HILARY OF POITIERS,
Bishop and Doctor

Today's saint was born a pagan, to pagans, in a pagan city. But his broad and deep education brought him into contact with Holy Scripture, where he found the truth he did not know he was seeking. He became a Catholic through reading. He was to then spend his adult life defending Catholic truth with his pen. The convert converted others and preserved the orthodoxy of the Nicene Creed against the Arian heresy. Saint Athanasius called St. Hilary a "trumpet" of orthodoxy against theological error.

St. Hilary was elected the Bishop of Poitiers, France, about 350. His learning and intelligence inevitably placed him at the center of the violent theological battles of the fourth century. The Council of Nicea of 325 had left some theological definitions open to incorrect interpretation. A man named Arius caused immense confusion by just such misinterpretation. Arius argued that the words of the Nicene Creed meant that Jesus was less than God the Father, had a beginning in time, and was of like substance to the Father instead of the same substance. Saint Hilary was the first theologian from Western Europe, as opposed to the more theologically mature theologians from Egypt, Turkey, and the Middle East, to see what a grave threat the Arian heresy truly was.

St. Hilary spent the better part of his adult life studying, writing, speaking, and arguing to ensure that the Nicene Creed was understood and adhered to throughout the Church. He was even sent into exile by the Emperor for not conforming his views to Arian teachings. But he used his time in exile to read and write extensively, eventually becoming such a thorn in the side of the Emperor that he restored St. Hilary to his diocese. Saint Hilary went on to attend various synods of bishops in an effort to maintain the truth of the Nicene Creed against determined opposition at the highest levels.

The life of St. Hilary proves that good theology matters. Bad theology easily leads to bad worship, bad morality, and the decline of true Christian community. To disrupt or correct bad theology is to disrupt or correct bad community. And it is sometimes the obligation of the Church to break up false ideas of the church, of marriage, of family, of government, etc… When certain things are built up, their opposites inevitably are broken up. Saint Hilary knew all of this. He knew that bad theology was not just bad in and of itself but that it also had negative repercussions in the lived reality of the Church. When St. Hilary defended theological truth, he defended many other truths too.

St. Hilary, through reading and study you came to love the truths of the Catholic faith. Your love then showed itself in your willingness to suffer for that truth. Help us to know, love, and serve God by knowing, loving, and serving the instrument of His truth on earth—the Catholic Church.

MYCATHOLIC.LIFE

Ika-13 ng Enero, Miyerkules I

SAN HILARIO,
OBISPO AT PANTAS NG SIMBAHAN

Panalangin Sa Umaga

PASIMULA

Panginoon, buksan mo ang ating mga labi.
At pupurihin ka ng aking bibig.

PAANYAYA SA PANALANGIN ANTIPONA

Halina, sambahin ang Panginoon, sapagkat siya ang ating Diyos.

Salmo 95

Tayo ay lumapit sa 'ting Panginoon, Siya ay awitan,
Ating papurihan ang batong kublihan nati't kalakasan.
Tayo ay lumapit sa kanyang harapan na may pasalamat,
Siya ay Purihin ng mga awiting may tuwa at galak. *(Antipona)*

Sapagkat ang Diyos ay ang Panginoong napakadakila,
Ang dakilang Haring higit sa sinuman na binabathala.
Nasa kanyang palad ang buong daigdig. pati kalaliman,
Ang lahat ay kanya maging ang mataas nating kabundukan.
Kanya rin ang dagat at pati ang lupa na kanyang nilalang. *(Antipona)*

Tayo ay lumapit, sa kanya'y sumamba at magbigay-galang,
Lumuhod sa harap nitong Panginoong sa ati' y lumalang.
Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang,
Mga tupa tayong inaalagaan. *(Antipona)*

Ang kanyang salita ay ating pakinggan:
"Iyang inyong puso'y huwag patigasin,
Tulad ng ginawa ng inyong mga magulang
Nang nasa Meriba, sa ilang ng Masa.
Ako ay tinukso't doon ay sinubok ng inyong magulang,
Bagamat nakita ang aking ginawang sila' ng nakinabang. *(Antipona)*

Apatnapung taon, sa inyong ninuno ako ay nagdamdam,
Ang aking sinabi, "Sila ay suwail, walang pakundangan
At ang mga utos ko ay sinuway!"
Dahil sa galit ko, ako ay sumumpang di sila daratal,
Sa lupang pangakong aking inilaan." *(Antipona)*

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo;
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen. *(Antipona)*

AWIT

Pagdating ng umaga, ang lagi nating dasal
Si Kristo'y dakilain, sa gawang nakaatang,
Sa paglipas ng gabi, sa pagdating ng araw,
Si Kristo'y dakilain, siya ay papurihan.

Umawit ng papuri, nang may tuwa at galak,
Si Kristo'y dakilain, ng pusong lumiliyag,
Mapapawi ang takot, mundo ay liliwanag,
Si Kristo'y dakilain, ng bayang iniligtas.

Kahit lupa at dagat, maging ang kalangitan,
Si Kristo'y dakilain, masayang aawitan,
Mula sa kalaliman, hanggang kaitaasan,
Si Kristo'y dakilain, siya ay papurihan.

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: Gumising ka't tugtugin mo ang lira at alpa, at may galak na hintayin ang darating na umaga.

Salmo 57

(Pang-umagang panalangin ng nangangailangan)

Mahabag ka, O aking Diyos, ikaw sana ay mahabag;
Sa 'yo ako lumalapit upang ako ay maligtas,
Pagkat aking nasumpungan sa lilim ng iyong pakpak,
Ligtas ako sa panganib hanggang ito ay lumipas.

Yaong aking tinatawag, ang Diyos sa kalangitan,
Ang Diyos na nagdudulot ng lahat kong kailangan,
Magmula sa kalangitan, diringgin ang aking hibik,
Ang lahat ng kaaway ko'y lubos niyang magagahis;

Ang tapat n'yang pagmamahal at matatag na pag-ibig,
Ihahayag ito ng Diyos, sa aki'y di ikakait.

Kasama ko'y mga leon, kapiling ko sa paghimlay,
Mabangis na mga hayop na sisila sa sinuman;
Parang sibat at palaso yaong ngipin nilang taglay,
Matutulis yaong dila na animo'y mga sundang.

Ihayag mo sa itaas, O Diyos, ang kabantuga't
Dito naman sa daigdig ay ang iyong karangalan!

Nadarama ng sarili ay dusa't pagkasiphayo;
Pagkat hinuhuli ako't nais nila ay masilo,
Humukay ng isang bitag upang ako ay mabuslo,
Ngunit sila ang nahulog sa bitag na itinayo.

Nahahanda ako, O Diyos, ako ngayon ay handa na,
Purihin ka at awitan, ng awiting masisigla.
Gumising ka, katawan ko, gumising ka, kaluluwa,
Gumising ka't tugtugin mo yaong lumang lira't alpa;
Tumugtog ka at hintayin ang liwayway ng umaga.

Sa gitna ng mga bansa kita'y pasasalamatan;
PANGINOON, ikaw'y pupurihin sa gitna ng mga hirang.
Pag-ibig mong walang maliw ay abot sa kalangitan,
Nadarama sa itaas ang lubos mong katapatan.
Ihayag mo sa itaas ang taglay mong kabantuga't
Dito naman sa daigdig ay ang iyong kaningningan!

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 1: Gumising ka't tugtugin mo ang lira at alpa, at may galak na hintayin ang darating na umaga.

Antipona 2: Ang bayan ko'y mananagana sa mga kaloob kong biyaya, wika ng Panginoon.

Awit: Jeremias 31:10-14

(Ang kagalakan ng isang bayang tinubos)

Mga bansa, pakinggan ninyo ang sabi ng PANGINOON,
At ipahayag ninyo sa malalayong lupain.
Pinangalat ko ang mga anak ni Israel,
Ngunit sila'y muli kong titipunin at aalagaan,
Gaya ng pagbabantay ng isang pastol sa kanyang mga tupa.

Sapagkat tinubos ng PANGINOON si Jacob,
At pinalaya sa kapangyarihan ng kaaway
Na lubhang makapangyarihan at malakas.

Aakyat silang nagsisigawan sa tuwa
Patungo sa Bundok ng Sion, tigib ng kaligayahan
Dahil sa mga pagpapala ng PANGINOON.
Saganang trigo, bagong alak at langis,
At maraming bakahan at kawan ng tupa.
Matutulad sila sa isang halamanang dinidilig,
Hindi na sila muling magdadalamhati.

Kung magkagayon, sasayaw sa katuwaan ang mga dalaga,
Makikigalak pati mga binata't matatanda;
Ang kanilang dalamhati ay magiging tuwa,
Papalitan ko ng kagalakan ang kanilang kalungkutan.
Bubusugin ko ng pinakamainam na pagkain ang mga saserdote
Mananagana ang buong bayan dahil sa kabutihang aking ipamamalas.
Ito ang sabi ng PANGINOON.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 2: Ang bayan ko'y mananagana sa mga kaloob kong biyaya, wika ng Panginoon.

Antipona 3: Dakila ang Panginoon at dapat siyang papurihan sa lungsod niyang banal.

Salmo 48

(Pasasalamat ng bayang tinubos)

Dakila ang PANGINOON, dapat papurihan.
Sa lungsod ng Diyos, bundok niyang banal.
Ang Bundok ng Sion, tahanan ng Diyos
Ay dakong mataas na nakalulugod.

Bundok sa hilaga na galak ang dulot,
Sa lahat ng bansa nitong sansinukob.
Sa piling ng Diyos ligtas ang sinuman,
Sa loob ng muog ng banal na bayan.

Itong mga hari ay nagtipun-tipon,
Upang sumalakay sa Bundok ng Sion;
Sila ay nagulat nang ito'y mamasdan,
Pawang nagsitakas at nahintakutan.

Ang nakakatulad ng pangamba nila
Ay ang pagluluwal ng butihing ina.
Sa hanging amiha'y kanyang winawasak
Ang naglalakihang barkong naglalayag.

Sa banal na lungsod ay aming namasid
Ang kanyang ginawa na aming narinig;
Ang Diyos na PANGINOONG Makapangyarihan,
Siyang mag-iingat sa lungsod na banal,
Iingatan niya magpakailanman.

Sa loob ng iyong templo, O Diyos,
Aming nagunita pag-ibig mong lubos,
Ikaw'y pinupuri ng lahat saanman,
Sa buong daigdig ang dakila'y ikaw,
At kung mamahala ay makatarungan.

Kayong taga-Sion, dapat na magalak!
At ang buong Juda'y magdiwang na lahat,
Dahilan sa PANGINOON sa hatol niyang tumpak.

Ang buong palibot ng Sion, lakarin,
Ang lahat ng tore doon ay bilangin;
Ang nakapaligid na pader pansinin,
Mga muog nito'y iyong siyasatin.

Upang sa susunod na lahi'y isaysay,
Na ang Diyos, ay Diyos natin kailanman,
Sa buong panahon siya ang patnubay.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: Dakila ang Panginoon at dapat siyang papurihan sa lungsod niyang banal.

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(Isaias 66:1-2)*

Ito ang salita ng Panginoon:
"Ang aking trono ay ang kalangitan,
At itong daigdig ang aking tuntungan;
Saan ka gagawa, paano mo gagawin ang aking Templo,
Na aking tiraha't pahingahang dako?
Sa lahat ng bagay ang may likha'y ako
Ako ang may-ari ng lahat ng ito.
Ang uri ng tao na mahal sa akin at nakalulugod,
Ay ang kahabag-habag at mababang-loob,
Sa aking salita, siya ay may takot."

TUGUNAN

Paghibik ko, Panginoon, iyo sanang pakinggan.
— Paghibik ko, Panginoon, iyo sanang pakinggan.

Aking gagawin ang iyong kalooban,
— Panginoon, iyo sanang pakinggan.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.
— Paghibik ko, Panginoon, iyo sanang pakinggan.

PAPURING AWIT NI ZACARIAS

Antipona: Maglingkod tayo sa Panginoon nang may banal na pamumuhay, at ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway.

Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel!
Sapagka't nilingap niya at pinalaya ang kanyang bayan.

At nagpadala siya sa atin ng isang makapangyarihang Tagapagligtas,
Mula sa lipi ni David na kanyang lingkod.

Ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang banal na propeta noong una,
Na ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway,
At sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin.

Ipinangako rin niya na kahahabagan ang ating mga magulang,
At aalalahanin ang kanyang banal na tipan.

Iyan ang sumpang binitiwan niya sa ating amang si Abraham,
Na ililigtas tayo sa ating mga kaaway,
Upang walang takot na makasamba sa kanya,
At maging banal at matuwid sa kanyang paningin, habang tayo'y nabubuhay.

Ikaw naman, anak, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan;
Sapagka't mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang kanyang mga daraanan,
At ituro sa kanyang bayanang landas ng kaligtasan,
Ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

Sapagka't lubhang mahabagin ang ating Diyos;
Magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan.
Upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa ilalim ng kamatayan,
At patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan.

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Pinagkalooban tayo ng Panginoong Hesukristo ng isa pang bagong araw. Bilang tugon, pasalamatan natin siya at idalangin:

Panginoon, pagpalain kami upang mapalapit sa iyo.

Inialay mo ang iyong sarili bilang hain para sa aming kasalanan,
— tanggapin mo ang aming mga gawain ngayon at mga kahilingan.

Dinulutan mo kami ng kasiyahan sa liwanag nitong bagong araw,
— manahan nawa sa aming mga puso ang kaliwanagan.

Pagkalooban kami ng lakas na maging mahinahon sa mga kapwang aming maka kadaupang-palad ngayon,
— at matularan ka namin, Panginoon.

Imulat sa amin, Panginoon, ang iyong habag,
— at ang iyong lakas ang aming maging galak.

AMA NAMIN

PANGWAKAS NG PANALANGIN

Ama naming makapangyarihan,
matatag na pinanindigan ng obispong si SAN HILARIO
na ang iyong Anak na naging tao ay Diyos na totoo.
Ipagkaloob mong ito ay aming maunawaan
sa iyong pagsubaybay
at ito'y aming mapanaligan kalakip
ang iyong katapatan
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
Amen.

PAGHAYO

(Kung may pari o diacono)

Sumainyo ang Panginoon
at sumaiyo rin.

Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo.
Amen.

(Kung walang pari o diacono)

Pagpalain nawa tayo ng Panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.
Amen.

Panalangin sa Takipsilim

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

Salamat sa ating D'yos, sa biyayang kaloob,
Sa tanim, mga ani, bungang nakabubusog.
Sumisibol ang laki, habang tao ay tulog,
Kailangan ng bukas, D'yos ay di lumilimot.

Sundin ang kalooban ng Diyos na dakila,
Sa gampaning tumulong, kailangan ang kapwa,
May pagkain ang gutom, kung mayro'ng maaawa,
Kung lahat may pag-ibig, di lamang sa salita.

Sa D'yos ay pasalamat, sa kanyang kabutihan,
Kaloob n'ya sa tao, ani ng kalikasan,
Sa ati'y pinahayag, plano't katotohanan,
Na tayo'y mahal niya, sa lahat ng nilalang.

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: Nanikluhod ako sa 'yo, Panginoon, at ako'y pinagaling mo; pupurihin kita magpakailanman.

Salmo 30

(Pasasalamat sa pagkaligtas sa kamatayan)

O PANGINOON ko,
Sa iyong ginawa, kita'y pinupuri't ako'y iniligtas,
Kaya ang kaaway ay di na nakuhang matuwa't magalak.

Ako ay dumaing,
At sa pagtawag ko,
Tinulungan ako ng PANGINOONG aking Diyos,
Pinagaling ako sa taglay kong sakit, ako ay ginamot.
Mula sa libingang daigdig ng patay,
hinango mo ako at muling binuhay;
Ako, na kasama nilang napabaon sa kailaliman.

Purihin ang PANGINOON,
Siya ay awitan ng lahat ng tapat na mga hinirang.
Iyong gunitain ang mga ginawa ng Diyos na Banal,
Ang kanyang ginawa ay alalahanin at pasalamatan!
Hindi nagtatagal yaong kanyang galit,
at ang kabutihan niya'y walang wakas.
Ang abang may hapis at tigmak sa luha sa buong magdamag,
Sa bukang-liwayway ay wala nang lungkot, kapalit ay galak.

Kaya't sa nadamang pagkalinga niya'y nagtiwala akong hindi maaano,
At aking nawika sa aking sarili:
"Kahit na kailan hindi matatalo."
Kay buti mo, PANGINOON!
Ako'y iningatan sa kutang matibay na animo'y bundok,
Subalit nang ikaw'y lumayo sa akin ako ay natakot.

Tinawag ko ikaw,
At aking hiniling sa iyo, O PANGINOON, na ako'y tulungan.
Anong kabutihan ang maidudulot kung ako'y mamatay?
Kung ako'y malibing, anong pakinabang ang iyong kakamtan?
Magpupuri pa ba ang mga wala na, matapos pumanaw?
Maihahayag ba ng mga patay na, ang 'yong kabutihan?

Kaya't ako'y dinggin,
lkaw ay mahabag sa akin, O PANGINOON, ako ay pakinggan;
Mahabag ka, PANGINOON! Ako ay dinggin mo at iyong tulungan.
Iyong pinawi na, itong aking lungkot,
Sumasayaw ako sa galak at tuwa!
Nadama ko'y galak nang iyong hubarin ang aking panluksa.
Di ko titigilan yaring pagpupuri, di ako titigil sa aking pag-awit,
Ang pasasalamat sa iyo, O PANGINOON, ay di mapapatid.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 1: Nanikluhod ako sa 'yo, Panginoon, at ako'y pinagaling mo; pupurihin kita magpakailanman.

Antipona 2: Siya na walang kasalanan sa mata ng Panginoon ang tunay na mapalad.

Salmo 32

(Mapalad silang pinatawad sa kanilang mga sala)

Mapalad ang tao na pinatawad na yaong kasalanan,
At nalimot na rin ang kanyang nagawang mga pagsalansang;
Mapalad ang taong sa harap ng PANGINOON ay di naparatangan
Dahilan sa siya ay di nagkasala at hindi nanlinlang.

Noong hindi ko pa naipahahayag yaring kasalanan,
Sa buong maghapon ako'y nananangis sa matinding lumbay;
Sa araw at gabi, bigat ng kamay mo ang nararamdaman,
Anupat wala nang nalalabi akong lakas sa katawan,
Hamog ang kaparis na dagling natuyo sa sikat ng araw.

Ako ay lumapit sa iyong harapan at sala'y inamin,
Ang aking ginawang mga pagsalansang di ko inilihim;
Pinagpasiyahan kong ang lahat ng ito sa iyo'y idaing,
At aking natamo ang iyong patawad sa sala kong angkin.

Ang lahat ng tapat, sa panahong gipit dapat manalangin,
Upang bumugso man ang malaking baha'y di sila abutin.
Kublihan ko'y ikaw, ikaw ang sasagip kung nababagabag,
Aking aawitin ang pagkakalinga at 'yong pagliligtas.

Ang sabi ng PANGINOON, "Aking ituturo ang 'yong daraanan,
Ako ang sa iyo'y magbibigay-payo, kita'y tuturuan.

H'wag kang tumulad sa iyong kabayo o sa iyong mola,
Na para tumigil ay kailangan pang hatakin ang renda."
Mapaparusahan, tiyak magdurusa yaong masasama,
Wagas na pag-ibig ang dulot ng PANGINOON sa nagtitiwala.

Lahat ng matuwid at tapat sa PANGINOON, magalak na lubos,
Dahil sa natamo nilang kabutihang kaloob ng Diyos;
Sumigaw sa galak ang lahat ng taong sa kanya'y sumunod!

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 2: Siya na walang kasalanan sa mata ng Panginoon ang tunay na mapalad.

Antipona 3: Ipinagkaloob ng Ama kay Kristo ang lahat ng kapangyarihan, karangalan at paghahari. Ang lahat ay tatalima sa kanya.

Awit: Pahayag 11:17-18; 12:10b-12a
(Ang hatol ng Diyos)

PANGINOONG Diyos na Makapangyarihan sa lahat,
Diyos sa kasalukuyan, at sa nakaraan,
Nagpapasalamat kami na ginamit mo
Ang iyong walang hanggang kapangyarihan
At nagpasimula ka nang maghari!

Nagngingitngit ang mga di kumikilala sa Diyos.
Ngunit dumating na ang panahon ng iyong poot,
Ang paghatol sa mga patay,
At pagbibigay ng gantimpala sa mga propetang lingkod mo,
At sa iyong mga hinirang,
Sa lahat ng may takot sa iyo, dakila ma't hamak.

Panahon na upang lipulin mo ang mga nagpahirap sa sanlibutan.
At narinig ko ang isang malakas na tinig
Buhat sa langit na nagsasabi,
Dumating na ang pagliligtas ng Diyos!
Ipinamalas na niya ang kanyang kapangyarihan bilang Hari!
Ipinamalas na ng Mesiyas ang kanyang karapatan!
Pagkat pinalayas na sa langit
Ang umuusig araw at gabi sa mga kapatid natin.

Nagtagumpay sila laban sa Diyablo
Sa pamamagitan ng dugo ng Kordero
At ng kanilang pagsaksi sa katotohanan;
Hindi sila nanghinayang sa kanilang buhay.
Kaya't magalak kayo, kalangitan,
At lahat ng naninirahan diyan!

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: Ipinagkaloob ng Ama kay Kristo ang lahat ng kapangyarihan, karangalan at paghahari. Ang lahat ay tatalima sa kanya.

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(1 Pedro 1:6-9)*

Ito'y dapat ninyong ikagalak, bagama't maaaring magdanas muna kayo ng iba't ibang pagsubok sa loob ng maikling panahon. Ang ginto, na nasisira, ay pinararaan sa apoy upang malaman kung talagang dalisay. Gayon din naman, ang inyong pananampalataya, na higit kaysa ginto, ay pinararaan sa pagsubok upang malaman kung talagang tapat. Sa gayon, kayo'y papupurihan, dadakilain, at pararangalan sa Araw na mahayag si Hesukristo. Hindi ninyo siya nakita kailanman, ngunit siya'y inibig na ninyo. Hindi pa rin ninyo siya nakikita magpahanggang ngayon, ngunit nananalig na kayo sa kanya. Dahil dito'y nag-uumapaw na sa inyong puso ang kagalakang di kayang ilarawan sa salita. Sapagkat inaani na ninyo ang bunga ng inyong pananampalataya — ang inyong kaligtasan.

TUGUNAN

Binigyan tayo ng Panginoon ng pagkain, ang tinapay mula sa pinakamagandang trigo.
— Binigyan tayo ng Panginoon ng pagkain, ang tinapay mula sa pinakamagandang trigo.

Para sa ikagagalak ng ating puso,
— ang tinapay mula sa pinakamagandang trigo.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.
— Binigyan tayo ng Panginoon ng pagkain, ang tinapay mula sa pinakamagandang trigo.

PAPURING AWIT NI MARIA

Antipona: Ibinagsak ng Diyos ang mga hari mula sa kanilang trono, at itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.

Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Ang pag-asa natin ay nasa Diyos, na nagbibigay sa atin ng tulong. Tumawag tayo sa kanya at wikain:

Panginoon, lingapin mo kaming iyong mga anak.

Panginoon, aming Diyos, gumawa ka ng walang hanggang tipan sa iyong sambayanan,
— ipaalala sa amin tuwina ang iyong wagas na kabutihan.

Tulutan mong umunlad tungo sa ganap na pag-ibig ang iyong mga ministrong hinirang,
— at panatilihing nagkakaisa ang iyong sambahayan sa buklod ng kapayapaan.

Samahan kami sa pagtatayo ng isang makataong pamayanan,
— sa pagtatayo nito, ang hirap namin ay huwag nawang masayang.

Sa iyong ubasan magpadala ka ng mga manggagawa,
— at papurihan ang iyong ngalan sa lahat ng mga bansa.

Tanggapin upang makapiling ng mga banal, ang mga yumaong mahal namin sa buhay,
— upang makihati kami sa kanilang kasiyahan balang araw.

AMA NAMIN

PANGWAKAS NG PANALANGIN

Ama naming makapangyarihan,
matatag na pinanindigan ng obispong si SAN HILARIO
na ang iyong Anak na naging tao ay Diyos na totoo.
Ipagkaloob mong ito ay aming maunawaan
sa iyong pagsubaybay
at ito'y aming mapanaligan kalakip
ang iyong katapatan
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
Amen.

PAGHAYO

(Kung may pari o diacono)

Sumainyo ang Panginoon
at sumaiyo rin.

Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo.
Amen.

(Kung walang pari o diacono)

Pagpalain nawa tayo ng Panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.
Amen.

Panalanging sa Gabi

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

Sa paglipas ng maghapon, kami'y nagdarasal;
Ipadala nawa ang 'yong Espiritung Banal,
Pinasasalamatan ang iyong kabutihan,
Pupurihin kang lagi ng puso't kalooban.

O Mabuting Pastol, tunghayan ang iyong kawan.
Iunat sa 'min ang mapagpagaling mong kamay
Upang kami'y ingatan sa aming pagkahimlay.
Ang tanging panalangi'y iyo sanang bantayan.

Antipona: Sa iyo, aking Diyos na Makapangyarihan, mapapanatag nang may pag-asa ang aking katawan.

Salmo 16

(Ang Diyos ang aking bahagi, ang aking mana)

O Diyos, ako'y ingatan mo, ingatan ang iyong lingkod,
Ang hangad ko ay maligtas kaya sa 'yo dumudulog;
"Ikaw'y aking PANGINOON," ang wika ko sa aking Diyos,
"Kabutihang tinanggap ko, ay ikaw ang nagkaloob."

Mga lingkod ng PANGINOON ay dakila't mararangal!
Ligaya na ng sarili ang sila ay makapisan.
Silang bumaling sa ibang diyos, sulirani'y abut-abot,
Sa pagsambang gawi nila, ako ay hindi lalahok.

Ikaw lamang, O PANGINOON ko, ang lahat sa aking buhay,
Ako'y iyong tinutugon sa lahat kong kailangan;
Ang biyayang kaloob mo ay kahanga-hangang tunay,
Kay inam ng kaloob mong sa akin ay ibinigay!

Pinupuri ko ang PANGINOON na sa akin ay patnubay,
Kahit gabi diwa niya ang sa aki'y umaakay.
Nababatid ko na siya'y kasama ko oras-oras,
Sa piling n'ya kailanma'y hindi ako matitinag.

Kaya't ako'y nagdiriwang, ang diwa ko'y nagagalak,
Ang lagi kong nadarama'y hindi ako matitinag.
Pagkat di mo tutulutang ang mahal mo ay malagak,
Sa balon ng mga patay upang doon ay maagnas.

Ituturo mo ang landas na buhay ang hahantungan,
Sa piling mo'y madarama ang lubos na kagalakan;
Ang tulong mo'y nagdudulot ng ligayang walang hanggan.

(Papuri sa Ama at...)

Antipona: Sa iyo, aking Diyos na Makapangyarihan, mapapanatag nang may pag-asa ang aking katawan.

PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(1 Tesalonica 5:23)*

Nawa'y lubusan kayong pabanalin ng Diyos na siyang nagbibigay ng kapayapaan. At nawa'y panatilihin niyang walang kapintasan ang buo ninyong katauhan — ang espiritu, kaluluwa, at katawan — hanggang sa pagparito ng ating Panginoong Hesukristo.

TUGUNAN

Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Tinubos mo kami, Panginoong Diyos ng katotohanan,
— inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Papuri sa Ama at sa Anak, at sa Espiritu Santo.
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

PAPURING AWIT NG EBANGHELYO

Antipona: Habang kami'y gising, Panginoon, kami ay ingatan; bantayan kami habang kami'y nahihimlay; upang sa paggising, manatili kaming kasama ni Kristong nagbabantay, at sa pagtulog, makapahinga kami sa kanyang kapayapaan (aleluya).

Kunin mo na, Panginoon ang iyong abang alipin,
Ayon sa iyong ipinangako:

Yamang nakita na ng aking mga mata ang iyong pagliligtas,
Na inihanda mo para sa lahat ng bansa:

Liwanag itong tatanglaw sa mga Hentil,
At magbibigay karangalan sa iyong bayang Israel.

PANGWAKAS NA PANALANGIN

**Panginoon Diyos,
gawaran kami ng mapayapang pagkahimlay
upang palakasin ang aming mga pagod na katawan.
Panibaguhin nawa kaming lagi ng iyong pagsaklolo
at panatilihin kaming matatag sa paglilingkod sa iyo.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan
ni Kristong aming Panginoon.
Amen.**

PAGHAYO

Gawaran nawa tayo ng Makapangyarihang Diyos ng gabing panatag at mapayapang pagkahimlay.
— Amen.

AWIT O PANALANGIN NG PAPURI KAY MARIA

Aba Ginoong Maria, napupuno ka ng grasya.
Ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo.
Bukod kang pinagpala sa babaeng lahat
At pinagpala naman ang iyong Anak na si Hesus.

Santa Maria, Ina ng Diyos,
Ipanalangin mo kaming makasalanan
Ngayon at kung kami'y mamamatay.
Amen.